

**Translated Test Directions**  
**Online Test Administration Manual**  
**Test Administration Script Supplement**  
**Language: Tagalog**

**Pahina 48**

**10.1 Pagsisimula ng Sesyon ng Pagsusulit**

**SABIHIN:** Ngayon, kukuha ka ng pagsusulit na Smarter Balanced [PANGALAN NG PAGESUSULIT (NAME OF TEST) (hal., Sining sa Wikang Ingles Ika-4 na Grado Pagsusulit na Umaangkop sa Kompyuter)] pagsusulit. Bibigyan ka ng ID sa sesyon ng pagsusulit na kinakailangan upang masimulan ang pagsusulit. Bago maglog-in, tingnan natin ang ilang mga panuntunan sa pagsusulit.

Dapat mong sagutin ang bawat tanong sa screen bago piliin ang SUSUNOD (NEXT). Kung hindi ka sigurado sa sagot mo, ibigay ang sa tingin mo ang pinakamahusay na sagot. Kung nais mong repasuhin ang sagot mo sa ibang pagkakataon, markahan ang tanong para sa pagsusuri bago magpatuloy sa susunod na tanong. Maaari mong balikan at baguhin ang sagot sa sesyon ng pagsusulit na ito.

Maaari kang huminto sandali kahit saan sa pagsusulit sa pamamagitan ng pagpili sa HUMINTO SANDALI (PAUSE) sa halip na sa SUSUNOD (NEXT) pagkatapos sagutan ang tanong. Mangyaring itaas ang iyong kamay kung kailangan mo ng pahinga at humingi ng pahintulot bago piliin ang HUMINTO SANDALI (PAUSE).

**SABIHIN:** Ngayon, kukuha ka ng pagsusulit na Smarter Balanced [PANGALAN NG PAGESUSULIT (NAME OF TEST) (hal., ELA Ika-4 na Grado Pagsusulit na Umaangkop sa Kompyuter)] pagsusulit. Bibigyan ka ng ID sa sesyon ng pagsusulit na kinakailangan upang masimulan ang pagsusulit. Bago maglog-in, tingnan natin ang ilang mga panuntunan sa pagsusulit.

Dapat mong sagutin ang bawat tanong sa screen bago piliin ang SUSUNOD (NEXT). Kung hindi ka sigurado sa sagot mo, ibigay ang sa tingin mo ang pinakamahusay na sagot. Kung nais mong repasuhin ang sagot mo sa ibang pagkakataon, markahan ang tanong para sa pagsusuri bago magpatuloy sa susunod na tanong. Maaari mong balikan at baguhin ang sagot sa sesyon ng pagsusulit na ito.

Maaari kang huminto sandali kahit saan sa pagsusulit sa pamamagitan ng pagpili sa HUMINTO SANDALI (PAUSE) sa halip na sa SUSUNOD (NEXT) pagkatapos sagutan ang tanong. Mangyaring itaas ang iyong kamay kung kailangan mo ng pahinga at humingi ng pahintulot bago piliin ang HUMINTO SANDALI (PAUSE).

**Pahina 49**

**SABIHIN:** Kailangang sarili mong gawa ang sagot mo. Mangyaring panatilihin ang iyong mga mata sa iyong sariling pagsusulit at tandaan, wala dapat magsasalita. Kung mayroon kang selpon, o smart phone, o iba pang hindi naaprubahang elektronikong aparato, mangyaring itaas ang kamay mo at kukunin ko ito bago magsimula ang pagsusulit.

Kung natapos mo nang maaga ang pagsusulit, mangyaring itaas ang kamay mo at umupo nang tahimik.

**SABIHIN:** Ngayon ay handa na tayong maglog-in. Kapag nakapaglog-in ka na, kailangan mong hintayin na aprubahan ko ang pagsusulit bago ka magsimula. Susuriin ko kung nailagay mo nang tama ang ID ng sesyon ng pagsusulit at iba pang impormasyon.

Ilagay ang iyong ligal na pangalan, hindi ang iyong palayaw, na sinusundan ng bilang ng SSID mo. Pagkatapos ay ilagay ang ID ng sesyon ng pagsusulit. Itaas ang iyong kamay kung kailangan mo ng tulong sa pag-type ng impormasyong ito sa keyboard mo.

Piliin ngayon ang MAG-SIGN IN (SIGN IN). Sa sandaling matagumpay kang makapaglog-in, makakakita ka ng screen na may pangalan mo at iba pang impormasyon tungkol sa iyo. Kung tama ang lahat ng impormasyon sa screen mo, piliin ang OO (YES) upang magpatuloy. Kung ang alinman sa impormasyon ay mali, mangyaring itaas ang iyong kamay at ipakita sa akin kung anong mali.

## Pahina 51

**SABIHIN:** Makakakita ka na ngayon ng isang screen na humihiling na suriin mo ang larangan at mga setting ng nilalaman ng pagsusulit mo. Kung tama ang lahat ng impormasyon, maaari mong piliin ang OO, SIMULAN ANG PAGSUSULIT KO (YES, START MY TEST). Kung alinman sa mga ito ay mali, mangyaring itaas ang kamay mo.

### [Dapat basahin ang sumusunod para sa pagsusulit lamang ng ELA]

**SABIHIN:** Susunod ay dapat mong makita ang screen na mag-udyok sa iyong suriin kung gumagana ang kompyuter mo. Isuot ang headset mo at piliin ang icon ng speaker sa bilog para marinig ang tunog. Kung marinig mo ang chime, piliin ang OO (YES). Kung hindi, itaas ang kamay mo.

**SABIHIN:** Bago lumabas ang pagsusulit mo, makakakita ka ng pahina ng tutorial na naglilista ng mga tool at button sa pagsubok na maaari mong gamitin sa panahon ng pagsusulit o lalabas sa pagsusulit. Maaari mo ring mahanap ang impormasyong ito sa panahon ng pagsusulit mo sa pamamagitan ng pagpili sa pindutan na TULONG (HELP).

Kapag handa ka nang simulan ang pagsusulit mo, piliin ang SIMULAN ANG PAGSUSULIT NGAYON (BEGIN TEST NOW) na nasa ibaba ng pahina.

## **Pahina 52**

### **Direksyon ng Mag-aaral Habang Nagsusulit**

**SABIHIN:** Mahalagang gawin mo ang iyong makakaya. Kailangan mo bang ihinto sandali ang pagsusulit at magpahinga?

## **Pahina 53**

**SABIHIN:** Subukan ang makakaya mo at piliin ang sagot na pinakamakawatwiran para sa iyo. Kung hindi ka sigurado kung paano gumagana ang tanong, maaari mong suriin ang tutorial sa pamamagitan ng pagpili sa “i” na button na nasa kanang bahagi ng screen.

**SABIHIN:** Malapit na tayong matapos sa sesyon ng pasusulit na ito. Mangyaring repasuhin ang mga sagot mo, kabilang ang mga tanong na iyong minarkahan upang repasuhin ngayon. Huwag ipasa ang pagsusulit mo maliban kung nasagot mo ang lahat ng mga tanong.

### **[Ang sumusunod ay dapat na basahin para sa bahagi lamang ng ELA CAT]**

**SABIHIN:** Kung gumagawa ka sa isang hanay ng mga tanong para sa sipi na babasahin, mangyaring tapusin ang lahat ng mga tanong sa hanay na iyon.

### **[Ang sumusunod ay dapat basahin para sa lahat ng mga pagsusulit]**

**SABIHIN:** Ipaalam sa akin kung kailangan mo ng karagdagang oras.

**SABIHIN:** Ang sesyon ng pagsusulit na ito ay natapos na. Kung hindi ka pa tapos, piliin ang HUMINTO SANDALI (PAUSE), at maaari mong tapusin ito sa ibang pagkakataon.

**[Dapat basahin lamang ang sumusunod para sa bahagi ng Pagsusulit na Umaangkop sa Kompyuter kung ang haba ng oras ng paghinto sandali sa pagsusulit ay mahigit sa 20 minuto, hal., ang mag-aaral ay magpapatuloy sa pagsusulit sa ibang araw]**

**SABIHIN:** Tandaan, kung hindi mo pa tapos at kailangan mong ihinto sandali ang pagsusulit mo nang mahigit sa 20 minuto, hindi ka makakabalik sa mga tanong sa sesyon ng pagsusulit na ito, kasama ang minarkahang mga tanong para repasuhin. Hindi ka rin magkakaroon ng access sa mga tala na iyong inilagay sa Digital na Notepad.

**SABIHIN:** Kung nasagot mo na ang lahat ng tanong sa iyong pagsusulit at natapos mo nang repasuhin ang iyong mga sagot, piliin ang ISUMITE ANG PAGSUSULIT (SUBMIT TEST). Mangongolekta ako ngayon ng anumang scratch na papel o iba pang materyales.

**[Dapat basahin ang sumusunod para sa bahagi ng gawain para sa pagganap para sa mga mag-aaral na ipagpapatuloy ang pagsusulit sa ibang araw]**

**SABIHIN:** Mangyaring isulat ang pangalan mo sa iyong scratch na papel kung hindi mo pa natatapos ang gawain para sa pagganap. Kokolektahin ko ito para magamit sa susunod na sesyon ng pagsusulit.

**SABIHIN:** Kung nasagot mo na ang lahat ng tanong sa iyong pagsusulit at natapos mo nang repasuhin ang iyong mga sagot, piliin ang ISUMITE ANG PAGSUSULIT (SUBMIT TEST).

Mangongolekta ako ngayon ng anumang scratch na papel o iba pang materyales.